AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
### Aralin 12

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting manunulat! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 12** |
| --- |
| Theme: Gusto Ko Maging Katulad Mo |
| Content Creator: Antonio F. Zulueta Jr. |

**"GUSTO KO MAGING KATULAD MO."**

**WRITING PROMPT LESSON 12**

---

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher Jaton!
Ngayong linggo naman magkukunwari tayo na may gagawa ng sine tungkol sa buhay natin. Naku naman, congratulations! Ang sine mong "Mahal talaga ako ng pamilya ko," ay nanalo ng grand prize sa Metro Manila filmfest. Ang mga fans mo naman ay naghahanap ng ka-love team. Pero dahil masyado kang bata, ang ka-love team mo sana daw ay isang kapatid mo, o isang magulang mo. Ang titulo ng pangatlong storya ng ating trilogy ay "Gusto ko maging katulad mo."

- Sino ang starring at gaganap bilang ako? Si Kathyrn Bernardo ba o si Danile Padilla?
- Mamili kung sino magiging ka-love team mo.
- Sino ang gaganap bilang aking kapatid/nanay/tatay/lolo? Si Maine Mendoza? Si Coco Martin? Si Gloria Diaz?
- Magbigay ng tatlong dahilan kung bakit gusto mong maging katulad ng ka-love team.

- Magbigay ng isang pinakapaboritong pangyayari sa love team mo?
- Anong aral ang gusto mong ipalabas sa pelikulang ito para sa mga fans na ka-edad mo?

Ang kalakasan ng bawat love team ay kung talagang nagmamahalan sila sa totoong buhay, at dahil ka-pamilya mo ang ka-team mo, tiyak ako na maganda ang inyong storya!

Kung kaya ninyong isulat ng Ingles ang mga storya pagkatapos, subukan din natin!
Excited din kaming magbasa ng inyong storya!
Prepared Lovingly by AHA Learning Center